

## Gabay sa Medikal na Subsidya para sa mga Bata

### ● Kuwalipikasyon

1. Mga bata, hanggang sa nasa ikatlong taon ng junior high school (hanggang sa unang ika-31 ng Marso matapos ang kanilang ika-15 na kaarawan at hanggang sa katapusan ng Marso para sa mga ipinanganak sa unang araw ng Abril)
  2. Mga may tirahan sa Tsu City
  3. Mga nakarehistro sa health insurance
  4. Mga hindi nasasakop ng Public Assistance Act
- \* Tandaan na ang mga batang nasasakop ng mga kuwalipikasyong nakasaad sa itaas ay maaaring hindi kuwalipikado para sa subsidiya batay sa income o kinikita ng kanilang mga magulang o tagapag-alaga.

### ● Mga kinakailangan para sa aplikasyon

1. Personal seal (hindi tinatanggap ang mga rubber stamp seal)
2. Medical insurance card (naka-print at nakalagay ang pangalan ng bata)
3. Passbook (sa kaso ng Japan Post Bank, ang passbook kung saan nakalagay ang pangalan ng branch at account number para sa mga bank transfer, at hindi ang pangkaraniwang passbook number)
4. Dokumentong maaaring gamitin upang mapatunayan ang "My Number" ng bata (My Number card, personal number notification card, o residence certificate na nagpapakita ng indibiduwal na numero)
5. Consent form [Para sa loob ng lungsod Para sa labas ng lungsod (FY ) Tagapagpahintulot: ]

### ● Mga naantalang aplikasyon

Kung hindi ka mag-apply sa loob ng dalawang buwan matapos isilang ang iyong anak o sa loob ng isang buwan matapos kang lumipat sa Tsu City (sa kaso ng mga bagong residente), ang petsa kung kailan ka magiging kuwalipikado sa Medikal na Subsidya para sa mga Bata ay ang unang araw ng buwan kung kailan ka nagpasa ng aplikasyon.

## Gabay sa Medikal na Subsidya para sa mga Inang Nagdadalantao at Nag-aalaga ng Sanggol

### ● Kuwalipikasyon

1. Mga nagdadalantaong higit sa limang buwan nang buntis at mga inang nag-aalaga ng sanggol (hanggang sa katapusan ng sumunod na buwan kung kailan sila nanganak)
  2. Mga may tirahan sa Tsu City
  3. Mga nakarehistro sa health insurance
  4. Mga hindi nasasakop ng Public Assistance Act
- \* Tandaan na ang mga nasasakop ng mga kuwalipikasyong nakasaad sa itaas ay maaaring hindi kuwalipikado para sa subsidiya batay sa kanilang income o sa income ng kanilang asawa, atbp.

### ● Mga kinakailangan para sa aplikasyon

1. Sertipikasyon ng doktor na nagpapakitang ikaw ay nasa ikalimang buwan na ng pagbubuntis (maaaring may hingin na singil sa dokumento sa ilang ospital)  
Mangyaring kumuha ng sertipikasyon ng doktor matapos kumpirmahin ang iyong kuwalipikasyon sa Welfare and Medical Expenses Counter.
2. Personal seal (hindi tinatanggap ang mga rubber stamp seal)
3. Medical insurance card (naka-print at nakalagay ang iyong pangalan)
4. Passbook
5. Dokumentong magagamit upang mapatunayan ang iyong My Number
6. Consent form [Para sa loob ng lungsod Para sa labas ng lungsod (FY ) Tagapagpahintulot: ]

### ● Mga naantalang aplikasyon

Kung hindi ka mag-apply sa loob ng dalawang buwan matapos magsimula ang ikalimang buwan ng iyong pagbubuntis o sa loob ng isang buwan matapos kang lumipat sa Tsu City (sa kaso ng mga bagong residente), ang petsa kung kailan ka magiging kuwalipikado sa Medikal na Subsidya para sa mga Inang Nagdadalantao at Nag-aalaga ng Sanggol ay ang unang araw ng buwan kung kailan ka nagpasa ng aplikasyon.

## **Gabay sa Medikal na Subsidya para sa mga Taong May Kapansanan at mga Taong May Kapansanang Higit sa 65 Taong Gulang**

### **● Kuwalipikasyon**

1. Mga residenteng mayroon ng mga sumusunod:
    - May sertipiko ng pisikal na kapansanan (grade 1 – 3)
    - May sertipiko ng rehabilitasyon (grade A, B1, o dokumentong nagpapakita ng diyagnosis para sa IQ score na 50 pababa)
    - May sertipiko ng mental na kapansanan (grade 1 – 2)
  2. Mga may tirahan sa Tsu City
  3. Mga nakarehistro sa health insurance
  4. Mga hindi nasasakop ng Public Assistance Act
- \* Tandaan na ang mga nasasakop ng mga kuwalipikasyong nakasaad sa itaas ay maaaring hindi kuwalipikado para sa subsidiya batay sa kanilang income o sa income ng kanilang tagasuportang nasasailalim sa tungkulin, atbp.

### **● Mga kinakailangan para sa aplikasyon**

1. Sertipiko ng pisikal na kapansanan, sertipiko ng rehabilitasyon, o sertipiko ng mental na kapansanan
2. Personal seal (hindi tinatanggap ang mga rubber stamp seal)
3. Medical insurance card (naka-print at nakalagay ang iyong pangalan)
4. Passbook (sa kaso ng Japan Post Bank, ang passbook kung saan nakalagay ang pangalan ng branch at account number para sa mga bank transfer, at hindi ang pangkaraniwang passbook number)
5. Dokumentong maaaring gamitin upang mapatunayan ang iyong “My Number” (My Number card, personal number notification card, o residence certificate na nagpapakita ng indibidwal na numero)
6. Consent form [Para sa loob ng lungsod Para sa labas ng lungsod (FY )  
Tagapagpahintulot: ]

### **● Mga naantalang aplikasyon**

Kung hindi ka mag-apply sa loob ng isang buwan matapos ang petsa ng abiso tungkol sa pag-isyu ng sertipiko o sa loob ng isang buwan matapos kang lumipat sa Tsu City (sa kaso ng mga bagong residente), ang petsa kung kailan ka magiging kuwalipikado sa Medikal na Subsidya para sa mga Taong May Kapansanan at mga Taong May Kapansanang Higit sa 65 Taong Gulang ay ang unang araw ng buwan kung kailan ka nagpasa ng aplikasyon.

## **Gabay sa Medikal na Subsidya para sa mga Pamilyang May Solo Parent**

### **● Kuwalipikasyon**

1. Mga solo parent na nagpapalaki ng batang wala pang 18 taong gulang at ang mga anak nito
  2. Mga batang walang magulang, kung ang mga bata ay wala pang 18 taong gulang
  3. Mga taong walang asawa na nag-aalaga ng batang walang magulang, kung ang bata ay wala pang 18 taong gulang
  4. Mga may tirahan sa Tsu City
  5. Mga nakarehistro sa health insurance
  6. Mga hindi nasasakop ng Public Assistance Act
- \* Tandaan na ang mga nasasakop ng mga kuwalipikasyong nakasaad sa itaas ay maaaring hindi kuwalipikado para sa subsidiya batay sa kanilang income o sa income ng kanilang tagasuportang nasasailalim sa tungkulin, atbp.

### **● Mga kinakailangan para sa aplikasyon**

1. Personal seal (hindi tinatanggap ang mga rubber stamp seal)
2. Medical insurance card (naka-print at nakalagay ang iyong pangalan)
3. Sertipiko ng lahat ng rekord sa iyong family register (buong family register)
4. Passbook (sa kaso ng Japan Post Bank, ang passbook kung saan nakalagay ang pangalan ng branch at account number para sa mga bank transfer, at hindi ang pangkaraniwang passbook number)
5. Dokumentong maaaring gamitin upang mapatunayan ang iyong “My Number” (My Number card, personal number notification card, o residence certificate na nagpapakita ng indibidwal na numero)
6. Consent form [Para sa loob ng lungsod Para sa labas ng lungsod (FY )  
Tagapagpahintulot: ]

### **● Mga naantalang aplikasyon**

Kung hindi ka mag-apply sa loob ng dalawang buwan matapos ang petsa kung kailan naganap ang pangangailangan o sa loob ng isang buwan matapos kang lumipat sa Tsu City (sa kaso ng mga bagong residente), ang petsa kung kailan ka magiging kuwalipikado sa Medikal na Subsidya para sa mga Pamilyang May Solo Parent ay ang unang araw ng buwan kung kailan ka nagpasa ng aplikasyon.

[Counter Blg. 5, unang palapag, main government building]

Welfare and Medical Expenses Counter, Health and Medication Subsidy Division

059-229-3158